CITY OF LONG BEACH

# PRESS RELEASE

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Agosto 3, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

## Ang Lungsod ng Long Beach ay Naglalabas ng Insisyatibo ng Pagkakapantay-pantay at Pagkakasundo sa Lahi - Paunang Ulat

***Hinihikayat ang komunidad na suriin at magbigay ng pampublikong komento tungkol sa nakabalangkas na mga potensyal na pagkilos bago ang pagpupulong ng Konseho ng Lungsod sa Agosto 11***

Long Beach, CA – Ngayon, inilabas ng Lungsod ng Long Beach ang Inisyatibo ng Pagkakapantay-pantay at Pagkakasundo sa Lahi – Paunang Ulat kay Mayor Robert Garcia at sa Konseho ng Lungsod. Nakadetalye sa ulat ang mga aksyon upang matugunan ang anti-Itim na rasismo, isulong ang pagkakapanta-pantay sa lahi, at makipagsundo sa pangitain na ang lahi ay hindi dapat gamitin upang matukoy ang mga panlipunan at pang-ekonomiyang kinalalabasan para sa mga nabubuhay at nagtatrabaho sa Long Beach. Ang paunang ulat ay kumakatawan sa ika-apat na hakbang sa Framework para sa Pagkakasundo na sumunod sa pagkilala, pakikinig at pagpupulong sa mga stakeholder upang magbigay hugis sa mga patakaran at ideya.

“Pinasasalamatan namin ang bawat isa sa mga miyembro ng aming komunidad na nag-ambag sa ulat na ito at nagbahagi ng kanilang mga pananaw at kwento sa amin,” sabi ng Manager ng Lungsod na si Tom Modica. “ Kami ay nakatauon sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay sa lahi sa buong lungsod para sa Itim, mga Katutubo at mga taong may kulay, at ang inisyatibo na ito ay naglalagay ng pundasyon upang gumawa ng daan.”

Ang mga layunin at estratehiya ng paunang ulat ay may kasamang aksyon na kaugnay sa gobyerno/imprastraktura, pampublikong kaligtasan at pagpupulisya, pag-iwas sa karahasan, pagkakapantay-pantay sa kalusugan, at pagsasama sa ekonomiya. Ang

apat na layunin, kasama ng kanilang mga nakabalangkas na diskarte ay kinabibilangan ng:

- Layunin 1: End systemic racism in Long Beach, in all local government and partner agencies, through internal transformation. Tapusin ang sistematikong rasismo sa Long Beach, sa lahat ng lokal na gobyerno at kasosyong ahensya, sa pamamagitan ng panloob na pagbabago.
- Layunin 2: Magdisenyo at mamuhunan sa kaligtasan ng komunidad at pag-iwas ng karahasan.
- Layunin 3: Ang muling pagdidisenyo ng diskarte ng pulisya sa sa kaligtasan ng komunidad.
- Layunin 4: Pabutihin ang kalusugan at kagalingan sa Lungsod sa pamamagitan ng pag-alis ng mga pagkakaiba-iba sa lipunan at ekonomiya sa mga komunidad na higit na naaapektuhan ng rasismo.

Sa kabuuan, ang plano ay binubuo ng 21 natatanging estratehiya at 107 mga potensyal na pagkikilos sa mga plano.

Ang layunin ng mga potensyal na pagkilos ay upang isentro ang mga pangangailangan, tinig, at pag-aari ng mga pinaka-apektado ng anti-Black na sistematikong rasismo at tapusin ang mga pagkakaiba upang mapalawak ang mga oportunidad para sa lahat ng mga residente ng Long Beach.

"Ang aming kawani at pamumuno ng Lungsod ay nakatuon sa mga aksyon ng paksa sa ulat na ito at nagtataguyod ng integridad ng mga kahilingan ng komunidad para sa pagkakapantay-pantay ng lahi," sabi ni Deputy City Manager Teresa Chandler. "Kami ay labis na nagpapasalamat sa aming mga stakeholder na nag-ambag sa ulat na ito, at kami ay nakatuon sa paggalang sa emosyonal na trabaho at oras na inilagay nila sa prosesong ito sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga aksyon ay maisulong sa kanilang pakikipagtulungan."

Hinihikayat ng Lungsod ang mga miyembro ng komunidad na manatiling nakikibahagi sa pamamagitan ng pagsusumite ng kanilang mga komento sa paksang ito sa agenda nang maaga bago pagpupulong ng Konseho ng Lungsod sa Agosto 11 sa longbeach.gov/cityclerk.

Mahigit sa 1,500 katao ang lumahok sa 13 mga sesyon ng pakikinig at apat na mga town hall ng komunidad ay na-host ng Lungsod, at ang dalawang na-host ng mga

kasosyo ng komunidad, na may kabuuang 30 na oras. Halos 600 na mga miyembro ng komunidad at kawani ng Lungsod ang kumompleto ng sarbey ng pagkakasundo ng Lungsod. Ang Lungsod ay nakipagtulungang kay Dra. Amber Johnson, isang Assitant Propesor sa Kagawaran ng Kalusugan ng Agham, mula sa California State University, Long Beach, upang pag-aralan ang mga kwalipikadong data na nakolekta sa mga sesyon ng pakikinig at mga town hall.

Ang data mula sa sarbey, mga sesyon ng pakikinig, at mga town hall ay nagpapaalam ng mga pangunahing layunin at estratehiya; kung saan halos 50 mga stakeholder ng komunidad at mga eksperto sa paksa ay inanyayahan na sumali sa mga pagpupulong ng mga stakeholder. Kasama sa pagpili ay ang pagiging aktibong residente ng Long Beach, ang pagsali sa mga sesyon ng pakikinig, at ang patitiyak ng representasyon mula sa mga organisasyon na sumusuporta at nagbibigay ng serbisyo para sa mga Itim na residente at mga residente ng kulay.

Noong Hunyo 23, 2020, nagkaisang tinanggap ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang isang resolusyon na kinikilala ang rasismo bilang isang pampublikong krisis sa kalusugan at pinagtibay ang Framework para sa Pagkakasundo. Ang proseso at ulat ng pagkakasundo ay inilaan upang maging isang unang hakbang sa pagtanggal ng anti-Black na rasismo sa Long Beach. Kasabay ng mga unang estratehiya ng Lungsod, ang ulat ay nagsasama ng karagdagang rekomendasyon na ibinigay ng mga stakeholder upang matiyak na ang kabuuan ng mga usapan ay nakuha at isinasaalang-alang. Ang Lungsod ay patuloy na magbibigay ng mga pagkakataon para sa pagbibigay ng puna mula sa komunidad habang isinusulong ang proseso.

Mga karagdagang komento at rekomendasyon ay maaaring ipadala sa Opisina ng Equity sa pamamagitan ng pag-email sa EquityLB@longbeach.gov.

**Tungkol sa Lungsod ng Long Beach**
Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng

lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

# # #